


“Pagbabakal na Pagpapatibay para sa Konstruksiyon at Dugtungan”

Ang mga importanteng payo para sa kaligtasan at kalusugan

Crane, pag-sling, pagbuhat na mga trabaho

(1) Mga kwalipikasyon ng pagpapatakbo ng mga mobile crane


Ang mobile crane ay mapapatakbo lamang ng mga kwalipikadong tao!
 Kapag nagtatrabaho gamit ang mga mobile crane, tiyaking ang mga operator ay kwalipikado ayon sa pagbubuhat ng mga kargamento gamit ang crane.



	Kwalipikasyon	Pagsasanay sa kasanayan na kurso	Natatanging edukasyon
Ang operasyon ng mga mobile crane sa pagbubuhat ng mga kargamento ay 5 tonelada o higit pa	○		
Ang operasyon ng mga mobile crane sa pagbubuhat ng mga kargamento ay 1 tonelada o higit pa, o mas mababa sa 5 tonelada	○	○	
Ang operasyon ng mga mobile crane sa pagbubuhat ng mga kargamento ay mas mababa sa 1 tonelada	○	○	○

(2) Huwag kailaman pumasok sa ilalim ng nakabitin na kargamento sa mga pagtrabaho sa crane!

- Ganap na pagbawalan ang mga taong pumunta sa ilalim ng kargamento sa pamamagitan ng pagtawag, pagpito, pag-siren, atbp.!
- Kung ang materyal ay dadaan sa itaas, huminto sa pagtatrabaho at tiyakin ang posisyon ng mga materyales!




- Ang mga aksidente sa panahon ng pagbubuhay ay madalas na malubha!
- Sa sandaling mapinsala ka, malamang na malubha ito!

(4) Ang 3-3-3 na kampanya para sa mga trabahong pag-sling

Kapag nagsasagawa ng pag-sling na trabaho, sundin ang 3-3-3 na kampanya!

1. Dynamic na pag-angat: 30cm

Iangat ng 30 cm, at tiyakin balanse ang kargamento. (inklinasyon?)



2. Panandaliang huminto: 3 segundo o higit pa

Tsekin ang pakete. (babagsak ang kargamento?)



3. Lumayo sa kargamento: 3m

3m ang layo mula sa kargamento gamit ang lubid. (muling kumpirmahin ang kargamento at lubid)




(5) Dapat mong isiping tumutumba o babagsak ang kargamento!

Imposible! Para, talagang babagsak ang kargamento dahil sa mga iba't ibang dahilan!

Kaso 1

Nasagi ng nakaangat ng kargamento ang shore strut, at nahulog ang mga materyales sa ilalim dahil sa bumagsak ang kargamento




Mga bagay na susundan

Kung ang nakaangat na kargamento ay nasagi sa isang bagay, babagsak ang kargamento, gumamit ng guy rope para maiwasan ito para dahan-dahan itong maidiskarga.

Kaso 2

Ang biglaang paghinto o pagliko ay lumilikha ng malakas ng puwersa sa nakaangat ng kargamento, at nagdudulot ito ng pagtumba at pagbagsak



Mga bagay na susundan


Hindi dapat na gagawa ang operator ng crane ng biglaang pagkilos na mamumuwersa sa nakaangat ng bagay.

(6) Dapat mong isiping maaaring mabali ang kable!

Kahit na ang timbang ng kable ay nasa tinatanggap na range, bibigat ang kargamento sa kable kapag hindi tama ang paraan ng pag-angat!

Mga mapanganib na paraan ng pag-angat 1


Kapag ang anggulo ay malaki, ang timbang ng kargamento ay bibigat na dahilan para maputol ito!



Habang ang anggulo ng pagkakaangat ay lumalaki, ang tensyon ay bumibigat.

Mga mapanganib na paraan ng pag-angat 2

Kapag hindi lebel ng mga materyales, ang mabigat na timbang ay papasanin sa isang banda na dahilan para maputol ang kable!



(7) Dapat mong isipin na maaaring umindayog ang nakaangat na kargamento!


Ang nakaangat na kargamento ay gumagalaw ng malaki sa bahagyang galaw o operasyon ng hook!

Dapat kang mag-ingat dahil maaari itong gumalaw nang malaki dahil sa hangin, atbp.!

Mag-ingat sa paglipat ng mga kargamento para maiwasan masabit!

Sitwasyon ng kaganapan

Ang kargamento ay naiangat nang hindi iniisip na maaari itong masabit, ang materyal ay malakas na nauga at naipit ang trabahador sa pagitan pagitan ng truck bed at materyal.

**Mga bagay na susundan**

1. Palaging tiyakin ang posisyon ng boom at hook kung ang bigat ay naidagdag sa nakaangat na kargamento.
2. Iposisyon ang materyal sa posisyong hindi ito maiipit kahit na ito ay gagalaw, at pagkatapos ay iangat ito.

May maraming aksidente na dulot ng hindi inaasahang paggalaw ng kargamento, kaya mag-ingat sa trabahong pagbuhat!

ang materyal ay maaaring gumalaw dahil sa mga iba't ibang kadahilanan, tulad ng hindi tamang paghawak ng crane o ng maling pagsenyas!

(8) Para maiwasan ang mga pinsala mula sa crane, sling at pagbubuhat na trabaho (buod)

- Ang crane ay mapapaandar lamang ng mga kwalipikadong tao! Ang lisensiya o pagsasanay ng kasanayan ay kinakailangan para sa pangsuportang konstruksiyon!
- Huwag kailaman dumaan sa ilalim ng nakabitin na kargamento! Tumutumba ang kargamento! Bumabagsak ang kargamento!
- Ang kwalipikasyon ay kinakailangan para maisagawa ang trabahong pag-sling! Sa prinsipyo, ang pagsasanay ng kasanayan ay kinakailangan para sa pangsuportang konstruksiyon!
- Kapag nagsasagawa ng pag-sling na trabaho, sundin ang 3-3-3 na kampanya!
- Dapat mong isiping “tumutumba ang kargamento”!
- Dapat mong isiping “maaaring mabali ang pang-sling na kable”!
- Dapat mong isipin na “maaaring umindayog ang nakaangat na kargamento”!

May maraming aksidente na dulot ng hindi inaasahang paggalaw ng kargamento, kaya mag-ingat sa mga trabahong pagbuhat! Tandaan na ang materyal ay maaaring gumalaw dahil sa mga iba't ibang kadahilanan, tulad ng hindi tamang paghawak ng crane o ng maling pagsenyas!